Mayor Joy nilinaw ang P26.5-B pondo

Nagbabala ang bagong halal na si Quezon City Mayor Joy Belmonte na maaaring masaid ang pondo ng pamahalaang-lungsod sa katapusan ng taong ito kaya idiniin niya ang pangangailangan sa fiscal prudence nito at mga paraan para madagdagan ang mga resources nito. Kasabay ito ng paglilinaw niya sa P26.5 bilyong pondo ng lungsod.

Sa kanyang inaugural speech noong Hunyo 30, nilinaw ni Belmonte ang katayuang pinansiyal ng Quezon City at mga pamamaraang gagawin ng pamahalaan para mapalaki ang pondo nito.

"Nasabihan na ang publiko na, sa kasalukuyan, ang lungsod ay mayroong P26.5 bilyong cash on hand at sa banko hanggang noong Mayo 31, 2019. Maaaring kahanga-hanga ang datos na ito pero kailangan naming ilinaw na kung nasaan ang pondong ito at paano sila gagamitin," sabi pa ng alkalde.

Ayon kay Belmonte, P4.6 bilyon ng halagang ito ay inilaan sa pondo para sa espesipikong layunin lang habang P2 bilyon ang inilagak sa long term investment kaya P19.9 bilyon lamang ang natira sa general fund.

"Sa P19.9 bilyong ito, kailangan namang bayaran ang lahat naming obligasyon hanggang katapusan ng Mayo 2019 na nagkakahalaga ng P14.3 bilyon," patungkol niya sa mga bayarin tulad ng maintenance at ibang operating expenses, nagpapatuloy na mga proyektong imprastraktura at iba pa.

"Dahil dito, P5.6 bilyon na lang ang natitira para magamit sa pangalawang hati ng taon," dagdag niya.

Ipagpalagay nang matugunan ng pamahalaang lungsod ang revenue target nito na P6.4 bilyon sa pangalawang hati ng taon, sinabi ni Belmonte na ang pamahalaan ay magkakaroon ng kabuuang pondo na P12 bilyon para sa nalalabing bahagi ng 2019.

Gagamitin anya ito sa tinatayang gastusin para sa natitirang anim na buwan na tinuos sa P10.4 bilyon.

Dahil dito, maaayos lang ang pananalapi ng pamahalaang lungsod sa halaga lang na P1.6 bilyon sa pagtatapos ng taon. ***-Angie dela Cruz-***